## ILANG PAALALA SA PAGGAMIT NG FERTILIZER DISCOUNT VOUCHER:

### Sa pagbili ng fertilizer:

- Kung mangyari man na sobra pa ang *balanse* ng *voucher*, maaaring magpadagdag on a kilogram basis ng bibilhing pataba.
- Kung kukulangin naman ang halaga ng voucher sa presyo ng bibilhing pataba, maaaring magdagdag ng pambayad upang mapunan ang kakulangan ng *voucher*.



### Matapos ang transaksyon:

- Kinakailangang kuhanan ang benepisyaryo o *representative* ng litrato kasama ang mga biniling pataba
- I-*fill out* at pirmahan ang *voucher utilization masterlist.*



Sa pagkakataon na sobra ang halaga o laman ng inyong *voucher* sa kabuoang sukat ng inyong taniman, mangyari na ibalik ang *printed voucher* sa inyong *City/Muncipal Agriculture Office* o sa DA Regional Field Office upang mabigyan kayo ng eksakto at karampatang halaga ng *voucher.*

**Tandaan na isang beses lamang pwedeng gamitin ang inyong discount voucher.**


**DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON**
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY, BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

DA4CALABARZON
rafis@calabarzon.da.gov.ph
www.calabarzon.da.gov.ph
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A





# FERTILIZER DISCOUNT VOUCHER IN SUPPORT TO CORN AND CASSAVA FARMERS PROGRAM

## ANO ANG FERTILIZER DISCOUNT VOUCHER IN SUPPORT TO CORN AND CASSAVA FARMERS PROGRAM?

Ito ay programang handog ng Kagawaran ng Pagsasaka upang patuloy na magkaroon ng masaganang ani ang mga magmamais,

Layunin nito na masigurong sapat, may kakayahan, at mayroong mabibiling pataba ang mga magmamais para sa pagpapayabong ng ani sa taong 2022.



## ANO ANG NILALAMAN NG FERTILIZER DISCOUNT VOUCHER?

Ang kwalipikadong magsasaka ay makakatanggap ng *fertilizer discount voucher* na naglalaman ng 2,000 pesos na maaaring ipambili ng fertilizer o pataba mula sa mga *accredited merchants*.

**Mga fertilizer na maaaring bilhin mula sa fertilizer discount voucher:**

- *Complete fertilizer*
- *Urea*
- *Ammonium phosphate*
- *Muriate of potash*
- Mga patabang nakaayon sa rekomendadong *fertilization rate base* sa *site-specific nutrient management trials*

## SINO ANG KWALIPIKADONG MAKATANGGAP NG VOUCHER?

- Miyembro ng grupo ng mga magmamais o *cassava farmers clusters*
- Nagtatanim ng *National Seed Industry Council (NSIC) -registered corn and cassava varieties*
- Rehistrado sa *Registry System for Basic Sectors in Agriculture* o *RSBSA*
- Nakatala sa *National Farmers' and Fishers' Registry System (NFFRS)* o sa *National Farmers and Fisheries Information System (NFFIS)*

## ANO ANG PROSESO SA PAGKUHA NG FERTILIZERDISCOUNT VOUCHER?



Matapos matukoy ng inyong City/Municipal Agriculture Office ang mga kwalipikadong benepisyaryo, iba-*validate* ito ng DA Regional Field Office at ibabalik ang kabuang listahan at ang *printed fertilizer discount vouchers* sa kanilang opisina.

Ang inyong City/Municipal Agriculture Office ang mamamahala ng pamimigay ng *printed fertilizer discount voucher*.



## PAANO GAMITIN ANG FERTILIZER DISCOUNT VOUCHER?




Personal na pumunta sa *accredited fertilizer merchants* at dalhin ang *printed discount voucher* at Valid I.D. na magpapatunay ng inyong pagkakakilanlan.

Kung ang nakalistang benepisyaryo ay hindi kayang personal na pumunta sa *accredited fertilizer merchants*, maaaring magtalaga ng isang *representative*. Dalhin lamang ang sumusunod:



Authorization letter ng benepisyaryo

(Sa inyong *authorization letter*, kinakailangan na naglalaman ito ng inyong mga pangalan at ang inyong relasyon sa *representative* at ang pirma o sertipikasyon ng opisyal mula sa DA Regional Field Office Rice Program.)



Photocopy ng I.D. ng benepisyaryo at orihinal na I.D. ng representative